


9

# Edukasyon sa Pagpapakatao

**Unang Markahan – Modyul 14:  
Lipunang Sibil, Media at  
Simbahan: Adhikaing Panlipunan**



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikasiyam na Baitang  
Alternative Delivery Mode**

**Unang Markahan – Modyul 14: Lipunang Sibil, Media, at Simbahan: Adhikaing  
Panlipunan**

**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Ivana Arozzal at Joy P. Icao

**Editor:** Xilca H. Celicious, Filma B. Catalan

**Tagasuri:** Mona Lisa M. Babiera at Dr. Rose Marie E. Diocares

**Tagaguhit:**

**Tagalapat:** Liezel R. Capitanea

**Tagapamahala:** Isabelita M. Borres

Eugenio B. Penales

Sonia D. Gonzales

Jeanelyn A. Aleman

Evelyn F. Importante

Rose Marie Diocares

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region IX**

Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City

E-mail Address: [region9@deped.gov.ph](mailto:region9@deped.gov.ph)

# **Edukasyon sa Pagpapakatao**

**Unang Markahan – Modyul 14:  
Lipunang Sibil, Media, at  
Simbahan: Adhikaing Panlipunan**

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang Makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kani na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## **Alamin**

### **Lipunang Sibil, Media at Simbahan: Adhikaing Panlipunan**

Ang modyul na ito ay dinesenyo at sinulat para sa iyo. Nandito ito upang tulungan kang maging bihasa sa Lipunang Sibil, Media, at Simbahan: Adhikaing Panlipunan **(4.2 Nasusuri ang mga adhikain ng nagbubunsod sa mga lipunang sibil upang kumilos tungo sa kabutihang panlahat)**. Ang saklaw ng modyul na ito ay nagpapahintulot na gamitin sa iba't-ibang sitwasyon.

#### **LAYUNIN:**

Sa pagtatapos ng aralin ang mag-aaral ay inaasahang:


1. Nasusuri ang mga adhikain na nagbubunsod sa mga lipunang sibil na kumilos tungo sa kabutihang panlahat;
2. Nailalarawan ng mag-aaral ang mga halimbawa ng mga adhikain ng iba't ibang lipunang sibil media at simbahan; at
3. Napapahalagahan ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng mga adhikain na kumilos tungo sa kabutihang panlahat.

#### **Panimula**

Magagawa mo bang makuha ang lahat ng iyong pangangailangan na mag-isa? Ikaw lamang ang maghahanap, gagawa o bubuo sa mga ito? Kagaya ng mga pagkain, bahay, damit, at edukasyon bilang pangunahing pangangailangan ng tao para mabuhay. Kung oo, mapalad ka at kung hindi naman ang iyong magiging sagot sa puntong ito kailangan mo ng tulong na nagmumula sa ibang tao bilang katuwang mo upang makuha o maabot mo ang lahat ng iyon. Ngayon, tayahin ang sarili, sapat ba ang mga ito para maging maayos o komportable ang iyong pamumuhay sa pang-araw-araw lalo na sa panahon na ang lahat ay apektado ang buhay dahil sa mga sakuna gaya ng sunod-sunod na lindol, bagyo, o itong COVID-19?

Sa araling ito, bigyang pansin, suriin, at pag-aralan ang mga adhikain ng lipunang sibil, media, at simbahan sa pagtugon ng ilan sa iyong pangangailangan na nagmumula sa iba. Ang pamahalaan at ang kapwa tao natin ay nariyan upang bukas palad na tumulong upang tulungang maabot ng tao ang pinakamataas na antas ng pangangailangan nito. Ika nga sa kasabihan na “walang tao sa mundo na nabubuhay na mag-isa”, kaya kailangan natin ang kapwa maging ang komunidad para matugunan ang iba pang pangangailangan na hindi natin kayang magawa na mag-isa.

Handa ka na ba? Umpisahan mo nang sagutin ang paunang gawain na nakalaan para lamang sa iyo.



## ***Subukin***

### **Gawain 1:**

**PANUTO:** Basahin at unawain ang mga tanong. Isulat ang pinakatamang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang pangunahing adhikain ng simbahan bilang isang anyo ng Lipunang Sibil?
  - a. Agarang makatugon sa mga tutuong nangangailangan ng tulong.
  - b. Maiwasang maaksaya ang oras ng taong kasama o kasangkot sa gawain.
  - c. Mailagay sa mas mataas na antas ng kabuluhan ang mga materyal na bagay na ating tinatamasa.
  - d. Lahat ng nabanggit
  
2. Ano ang mahalagang papel na ginagampanan ng lipunang sibil sa isang bansa?
  - a. Isinusulong ang pangkalahatang pag-unlad ng buhay tao.
  - b. Pinupunan nito ang pagkukulang ng pamahalaan sa mga tao.
  - c. Katuwang ng pamahalaan sa paghahatid ng serbisyo publiko.
  - d. Lahat ng nabanggit
  
3. Bakit nagkukusa tayong mag-organisa at tugunan ang pangangailangan ng nakararami?
  - a. Walang ibang maaring gumawa nito para sa atin.
  - b. Hindi sapat ang kakayahan ng pamahalaan upang tumugon.
  - c. Sa ganito natin maipapakita ang ating pagkakaisa.
  - d. Ang sama-samang pagkilos ay nagpapagaan sa gawain.
  
4. Ano ang pangunahing adhikain ng media bilang isang anyo ng Lipunang Sibil?
  - a. Tungkulin nito ang pagsabi ng katotohanan at ang pagtutuwid ng maling impormasyon na maaaring batayan sa pagpapasya ng aksyong gagawin.
  - b. Hindi isinasaalang-alang ang kalagayang panlipunan ng mga kasapi.
  - c. Walang pinipigilan o dinidiktahan sa pagpapahayag ng saloobin
  - d. Hindi ito nagsusulong ng pampolitikang hangarin ng sino mang nasa pamahalaan.

5. Ano ang pinakamabigat na dahilan kung bakit kailangan nating magpatulong sa iba?
- May mga pangangailangan tayo na hindi natin makakalap o matatamo natin ng mag-isa.
  - Isinasaalang-alang ang kalagayang panlipunan ng mga kasapi.
  - Walang ibang maaring gumawa nito para sa atin.
  - Hindi sapat ang kakayahan ng pamahalaan upang tumugon.
6. Sa pamamagitan ng mga lider at iba pang mga kasapi nito, nailalagay natin sa mas mataas na antas ng kabuluhan ang mga material na bagay na ating tinatamasa.
- Simbahan
  - Paaralan
  - Pamilya
  - Mass Media
7. Binuo ang Gabriella at nagkaroon sila ng kinatawan sa Kongreso. Sa kanilang pagsusulong ay naisabatas ang mga sumusunod maliban sa:
- Rape Victims Assistance and Protection Act (2003)
  - Anti-Trafficking in Persons Act (2003)
  - Naglathala ng alternatibong pahayagan, at nagsaliksik sa ugnayang Kristiyano at Muslim.
  - Anti-Violence Against Women and Their Children Act (2004)
8. Ang Lipunang Sibil ay ang mata ng lipunan. Ang halimbawa ng lipunang sibil ay ang mga sumusunod maliban sa:
- Mass Media
  - Mga Samahan
  - Simbahan
  - Internet Provider
9. Ito ay tumutukoy sa anumang bagay na nasa pagitan o namamagitan sa nagpadala at pinadalhan. Sila ang naghahatid ng balita para sa lahat ng mga mamamayan. Ito ay tinatawag na medium kung marami.
- Media
  - Internet
  - ICT
  - Simbahan
10. Ito ay ang larawan ng lipunang sibil na sumusulong ng adhikain tungo sa kabutihang panlahat maliban sa:



**Aralin**

**1**

# **Lipunang Sibil, Media, at Simbahan: Adhikaing Panlipunan**

Ang modyul na ito ay ginawa upang mapahusay ang kaalaman at kakayahan sa Lipunang Sibil, Media, at Simbahan: Adhikaing Panlipunan na naayon sa pamantayan ng araling Edukasyon sa Pagpapakatao sa ika-9 na baitang.



## **Balikan**

### **Gawain 2: Comic Strip**

**PANUTO:** Basahin at unawain ang tanong sa ibaba. Gumamit ng ibang papel para sa iyong sagot.

Para sa iyo ano ang kahalagan ng adhikain na nagbubunsod sa lipunang sibil upang kumilos tungo sa kabutihang panlahat?



Sagot: \_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_



Pinagkunan ng larawan: [https://www.freepik.com/free-vector/boy-girl-school-uniform\\_6052413.htm](https://www.freepik.com/free-vector/boy-girl-school-uniform_6052413.htm)





## Tuklasin

### Gawain 3: LARAWAN SURIIN

PANUTO: Itugma ang mga adhikain tungo sa kabutihang panlahat sa akma nitong larawan ng lipunang sibil. Ilagay lamang ang bilang ng adhikain sa patlang na nasa ibaba ng akmang larawan.

#### ADHIKAIN

#### LIPUNANG SIBIL

1. Ang Gawad Kalinga Community Development Foundation, Inc. sy idsng kilusang may misyon na tapusin ang kahirapan ng limang milyong pamilyang Pilipino sa pamamagitan ng tatlong sumusunod na mga hakbang: Social Justice (hustisyang panlipunan), Social Artistry (sining panlipunan), and Social Progress (pag-unlad ng lipunan).



1. \_\_\_\_\_

2. Isa sa mga kilalang volunteer organization sa Pilipinas ay ang Red Cross na naglalayong tulungan ang sambayanan handog ang iba't ibang serbisyo tulad ng nasyonal na dugo, disaster management, pangkaligtasan, pangkalusugan, panlipunan, at pangkabataang mga serbisyo.



2. \_\_\_\_\_

3. Ang Philippine Animal Welfare Society o PAWS ay isang non-profit na organisasyon na naglalayong protektahan at isulong ang karapatan at makataong pagtrato sa lahat ng uri ng mga hayop. Tumutulong ang PAWS sa rehabilitasyon ng mga hayop sa pamamagitan ng paghahanap ng kanilang bagong tahanan. Aktibo rin itong tumututol sa paggamit ng mga hayop bilang aliwan tulad ng mga pa-away o sabong



3. \_\_\_\_\_

4. Ang Green Peace Philippines ay isang volunteer organization na aktibong nangangampanya para sa misyong pagligtas sa kalikasan. Kabilang sa kanilang pangangampanya ang pag-tigil sa climate change, pag-ayaw sa genetic engineering, at pagtanggol sa karagatan.



4. \_\_\_\_\_

5. Ang Habitat for Humanity ay isang lider na nangunguna sa pagtugon sa mga isyu ng kahirapan sa 70 bansa. Mahigit 6.8 milyong ka-tao na ang natulongang nitong makahanap ng lakas, katatagan, at pagsasarili sa pamamagitan ng ligtas, disente, at abot-kayang tahanan.



5. \_\_\_\_\_

Pinagkunan ng mga larawan:

[https://en.wikipedia.org/wiki/Philippine\\_Red\\_Cross](https://en.wikipedia.org/wiki/Philippine_Red_Cross)

[https://en.wikipedia.org/wiki/Habitat\\_for\\_Humanity](https://en.wikipedia.org/wiki/Habitat_for_Humanity)

<https://newsline.ph/top-stories/2019/08/25/envi-group-wants-long-term-solution-on-waste-importation/>

[https://en.wikipedia.org/wiki/Philippine\\_Animal\\_Welfare\\_Society](https://en.wikipedia.org/wiki/Philippine_Animal_Welfare_Society)

[https://en.wikipedia.org/wiki/Gawad\\_Kalinga](https://en.wikipedia.org/wiki/Gawad_Kalinga)

Para sa iba pang kaalam ukol sa Lipunang Sibil maaring buksan lamang ang link sa ibaba:

<https://quizlet.com/493660274/community-nstp-fnl-1-flash-cards/>

<https://primer.com.ph/business/2016/02/14/list-of-volunteer-organizations-you-can-join-in-ph/>



## ***Suriin***

### **Gawain 4: TANONG KO, SAGOT MO**

PANUTO: Basahin at unawain ang tanong sa ibaba. Gumamit ng ibang papel para sa iyong sagot.

1. Ano ang iyong naramdaman habang ginagawa ang gawain? Mayroon ka bang mga napag-tanto? Ibahagi ang iyong mga saloobin ukol sa iyong mga natutunan.

Sagot: \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

2. Ikaw ba ay nahirapan sa mga Gawain? Kung oo, saan banda? Sa tingin mo bakit ka nahirapan o hindi nahirapan sa pag-sagot?

Sagot: \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

3. Ano-ano ang natuklasan mo habang sinasagutan ang gawain? Ilista ang iyong mga natutunan.

Sagot: \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_



## PAMANTAYAN SA PAGGAWA

Kraytirya	4	3	2	1
Natutukoy ang saloobin/damdamin ukol sa gawain sa pagganap.	Natutukoy ang apat o higit pa na saloobin o damdamin ukol sa gawain	Natukoy ang tatlo na saloobin o damdamin ukol sa gawain	Natukoy ang dalawang saloobin o damdamin ukol sa gawain	Isa lamang ang natukoy na saloobin o damdamin ukol sa gawain
Naibigay ang kadahilanan kung bakit mahirap ang gawain iyon.	Nakapagbigay ng apat o higit pa na kadahilanan kung bakit mahirap ang gawain.	Nakapagbigay ng tatlo na dahilanan kung bakit mahirap ang gawain.	Nakapagbigay ng dalawang kadahilanan kung bakit mahirap ang gawain.	Isang kadahilanan lamang ang natukoy kung bakit mahirap ang gawain
Naipaliwanag ang konsepto ng gawain.	Nakapagpaliwanag ng apat o higit pa na naunawaan sa konsepto	Nakapagpaliwanag ng tatlong naunawaan sa konsepto	Nakapagpaliwanag ng dalawang naunawaan sa konsepto	Isa lamang ang napaliwanag na naunawaan sa konsepto
Kabuuan				

**Panuto:** Basahin at unawain ang mga konsepto tungkol sa lipunang sibil, media at simbahan sa pamamagitan ng pagbibigay ng *supplementary copy* o karagdagang kahulugan base sa iyong naunawaan.

Mga Termino:

- Lipunang Sibil
- Media
- Simbahan

### **Lipunang Sibil**

Ito ay isang uri ng lipunan na kusang loob na ino-organisa na naglalayong matugunan ang mga pangangailangan ng mamamayan na bigong tugunan ng pamahalaan at kalakalan sa pamamagitan ng pagtutulungan at pagsama-sama.

### **Media**

Tungkulin ng media ang paghahatid ng balita o impormasyon na pawang katotohan lamang at kina-kailangan ng lipunan para sa ikabubuti ng bawat kasapi nito. Ganoon na rin ang pagtutuwid sa mga maling impormasyon.

### **Simbahan**

Ang simabahan ay ang panrelihiyong institusyon na nagsisilbing gabay natin sa ating ispirital na kaganapan. Ang iyong pananampalataya ay naisasabuhay mo sa pamamagitan ng pagtuwang sa lipunan.

Ngayon naman ay iyong linangin ang kaisipan tungkol sa ating aralin. Halika na't basahin at unawain mo ang teksto na nasa ibaba.

### **Mga Adhikain ng Lipunang Sibil**

Ang lipunang sibil ay kusang pag-oorganisa ng sarili tungo sa sama-samang pag-tuwang sa isa't -isa. Hindi ito isinusulong ng mga politiko o ng mga negosyante na may pansariling interes. Ito ay binubunsod ng pagnanais ng mga mamamayan na matugunan ang kanilang mga pangangailangan na bigong tugunan ng pamahalaan at kalakalan. Ito din ay nagsasagawa ng mga pag-tugon na sila mismo ang nagtataguyod ng likas kayang pag-unlad (sustainable development) na hindi tulad ng minamadali at pansamantalang solusyon ng pamahalaan at kalakalan. Dahil sa dami ng responsibilidad ng inaatang sa pamahalaan may mga pagkakataong nagkukulang ang pamahalaan na tugunan ang mga ito. Kaya mahalagaang ginagampanan ng lipunang sibil bilang katuwang ng pamahalaan sa pagsasaayos dito para sa ikabubuti ng lipunan. Ang lipunang sibil ay ang mata ng lipunan.

### ***Mga halimbawa ng Lipunang Sibil:***

1. Binuo ang Gabriella at nagkaroon sila ng kinatawan sa Kongreso. Sa kanilang pagsusulong ay naisabatas ang mga sumusunod:
  - Anti-Sexual Harassment Act (1995);
  - Women in Development and Nation-Building Act (1995);
  - Anti-Rape Law (1997);
  - Rape Victims Assistance and Protection Act (1998);
  - Anti- Trafficking in Persons Act (2003); at
  - Anti-Violence Against Women and Their Children Act (2000)
  
2. Inorganisa ng Simbahang Katoliko sa Zamboanga, Basilan, Tawi-tawi at Sulu ang Consultation on Peace and Justice. Matapos ang konsultasyon, nabuo ang Peace Advocates Zamboanga (PAZ).
  - Layunin ng adbokasiyang ito na palakasin ang mabuting ugnayan ng mga Kristiyano at Muslim, at ng iba pang mga katutubo.
  - Nagdaraos ito ng mga pagsulong ng kapayapaan, naglalathala ng alternatibong pahayagan, at nagsasaliksik sa ugnayang Kristiyano at Muslim.
  - Matapos ang dalawampung araw na sagupaan ng MNLF at AFP/PNP sa Zamboanga noong Setyembre 2013, idinaos ng PAZ ang "Forum on Rehabilitation and Reconciliation" ng sumunod na buwan.

- Ikabubuti ng lahat ang muling pagbuo ng mga nawasak na tahanan, ang muling pagbangon ng nalugmok na kabuhayan, at higit sa lahat, ang muling pagpapasigla ng nanlamig na mga ugnayan.

3. Ang pangunahing layunin ng media bilang isang anyo ng lipunang sibil, ay magsulong ng ikabubuti ng bawat kasapi ng lipunan. Ito ang dahilan kung bakit tungkulin ng media ang pagsasabi ng buong katotohanan, at kagyat na pagtutuwid sakali mang may naipahatid na maling impormasyon na maaaring maging batayan ng iba sa pagpapasya ng ikikilos.

4. Simbahan. Sasama-sama nating paghahanap ay naoorganisa natin ang ating sarili bilang isa pang anyo ng lipunang sibil, isang panrelihiyong institusyon, na tinatawag ng marami bilang Simbahan. Sa pamamagitan ng mga lider at iba pang mga kasapi ng Simbahan, nailalagay natin sa mas mataas na antas ng kabuluhan ang mga materyal na bagay na ating tinatamasa.

Pinagkunan:


[https://www.depednegor.net/uploads/8/3/5/2/8352879/esp\\_9\\_lm\\_draft\\_3.31.2014-2.pdf](https://www.depednegor.net/uploads/8/3/5/2/8352879/esp_9_lm_draft_3.31.2014-2.pdf)

<https://philnews.ph/2020/03/07/lipunang-sibil-ano-nga-ba-ang-lipunang-sibil-at-mga-halimbawa/>

Para sa iba pang kaalaman ukol sa Lipunang Sibil maaring buksan lamang ang link sa ibaba:

[https://www.depednegor.net/uploads/8/3/5/2/8352879/esp\\_9\\_lm\\_draft\\_3.31.2014-2.pdf](https://www.depednegor.net/uploads/8/3/5/2/8352879/esp_9_lm_draft_3.31.2014-2.pdf)

(Modyul 4, pahina 6-20.)



## Pagyamanin

### Gawain 5.1: Pagbigyang Kahulugan

PANUTO: Ilahad at ipaliwanag ang kahulugan, adhikain, at kahalagahan ng lipunang sibil, media, at simbahan sa pamamagitan ng pagbibigay ng *supplementary copy* o karagdagang kahulugan base sa iyong naunawaan.

1. Lipunang Sibil

2. Media

3. Simbahan



#### PAMANTAYAN SA PAGGAWA

Kraytirya	4	3	2	1
Naipaliwanag ang wastong kahulugan ng paksa.	Naipaliwanag ng kumpleto at wasto ang kahulugan ng paksa.	Naipaliwanag ng bahagya ang kahulugan ng paksa.	Sinubukang ipaliwanag ang kahulugan ng paksa ngunit may isa o dalawang pagkakamali.	Sinubukang ipaliwanag ang kahulugan ng paksa ngunit higit pa sa dalawa ang pagkakamali.
Naitukoy ang wastong adhikain ng paksa.	Naitukoy ng kumpleto at wasto ang kahulugan ng paksa.	Naitukoy ng bahagya ang kahulugan ng paksa.	Sinubukang itukoy ang kahulugan ng paksa ngunit may isa o dalawang pagkakamali.	Sinubukang itukoy ang kahulugan ng paksa ngunit higit pa sa dalawa ang pagkakamali.
Naibigay ang wastong kahalagahan na paksa.	Naibigay ng kumpleto at wasto ang kahulugan ng paksa.	Naibigay ng bahagya ang kahulugan ng paksa.	Sinubukang ibigay ang kahulugan ng paksa ngunit may isa o dalawang pagkakamali.	Sinubukang ibigay ang kahulugan ng paksa ngunit higit pa sa dalawa ang pagkakamali.
Kabuuan				

Matapos mong mapalalim ang iyong kaalaman sa paksa. Maaari ka nang tumungo sa susunod na bahagi ng aralin. Ihanda mo ang iyong sarili para sa mas malalim pang pag-unawa sa pamamagitan ng pagsagot sa iba pang gawain.

## GAWAIN 5.2: Havey O Waley

**PANUTO:** Sagutin ng buong katapatan. Isulat sa patlang na nakalaan ang salitang **HAVEY** kung TAMA ang pahayag at **WALEY** naman kung ang pahayag ay MALI.

- \_\_\_\_\_ 1. Tanging ang simbahan lamang ang gumagabay sa tao sa ispiritwal na kaganapan.
- \_\_\_\_\_ 2. Lipunang Sibil ang naghahatid ng balita para sa lahat ng mga mamamayan.
- \_\_\_\_\_ 3. Ang Lipunang Sibil ang mata ng Lipunan.
- \_\_\_\_\_ 4. Ang pangunahing layunin ng media bilang isang anyo ng lipunang sibil ay magsulong ng ikabubuti ng bawat kasapi ng lipunan.
- \_\_\_\_\_ 5. Binuo ang Gabriella at nagkaroon sila ng kinatawan sa Kongreso.




### PAMANTAYAN SA PAGGAWA

Kraytirya	5 Lubos na kasiya-siya	3 Kasiya-siya	1 Hiindi kasiya- siya
Magaling at kakaiba ang konsepto			
Maganda at madaling maunawaan ang mensahe na gustong iparating sa gawaing isinagawa			

### GAWAIN 5.3: Taos-Puso

**PANUTO:** Isulat ang konseptong iyong nauunawaan gamit ang graphic organizer.



*Pinagkunan ng larawan: [https://www.freepik.com/free-vector/collection-decorative-hearts\\_1074209.htm#page=1&query=heart&position=18](https://www.freepik.com/free-vector/collection-decorative-hearts_1074209.htm#page=1&query=heart&position=18)*

### GAWAIN 5.4: Tanong at Sagot

**PANUTO:** Basahin at unawain ang tanong sa ibaba. Sagutan ang mga tanong ng may kagalakan, isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang nararamdaman mo habang ginagawa ang gawain?

---

---

---

2. Anu-ano ang natuklasan mo habang sinasagutan ang gawain?

---

---

---

3. Ano ang kahalagahan ng mga adhikain ng lipunang sibil para sa kabutihang panlahat?

---

---

---









## Isaisip

### GAWAIN 6: Logo...Logo...


**PANUTO:** Balikan mo ang Gawain 3 at unawain ang ginagampanan at tungkulin ng mga lipunang sibil. Maglista ng limang pagkakataon na sa tingin mo ay makatutulong ang mga lipunang sibil. I-akma ito sa sumusunod na mga logo:

				
1.				
2.				
3.				
4.				
5.				



### PAMANTAYAN SA PAGGAWA

<b>Kraytirya</b>	<b>5 Lubos na kasiya-siya</b>	<b>3 Kasiya-siya</b>	<b>1 Hindi kasiya-siya</b>
Magaling at kakaiba ang konsepto			
Maganda at madaling maunawaan ang mensahe na gustong iparating sa gawaing isinagawa			
Kabuuan			



## Isagawa

### GAWAIN 6: Quiet Time

**PANUTO:** Sa pagkakataong ito sumulat ka ng isang repleksyon sa mga napagtanto mo sa mga tunay na adhikain ng lipunang sibil bilang katuwang ng pamahalaan sa mga pampublikong gawain. Isulat ang repleksyon sa iyong portfolio.



#### PAMANTAYAN SA PAGGAWA

Kraytirya	4	3	2	1
Natutukoy ang saloobin/damdamin ukol sa gawain sa pagganap.	Natutukoy ang apat o higit pa na saloobin o damdamin ukol sa gawain	Natukoy ang tatlo na saloobin o damdamin ukol sa gawain	Natukoy ang dalawang saloobin o damdamin ukol sa gawain	Isa lamang ang natukoy na saloobin o damdamin ukol sa gawain
Naipaliwanag ang konsepto ng adhikaing panlipunan	Nakapagliwanag ng apat o higit pa na naunawaan sa konsepto ng adhikaing panlipunan	Nakapagpaliwanag ng tatlong naunawaan sa konsepto ng adhikaing panlipunan	Nakapagpaliwanag ng dalawang naunawaan sa konsepto ng adhikaing panlipunan	Isa lamang ang napaliwanag na naunawaan sa konsepto ng adhikaing panlipunan
Naibigay ang kahalagahan ng paksa sa gawain	Nakapagbigay ng apat o higit pa na kahalagahan ng paksa sa gawain	Nakapagbigay ng tatlo na kahalagahan ng paksa sa gawain	Nakapagbigay ng dalawang kahalagahan ng paksa sa gawain	Isang kahalagahan ng paksa sa gawain
Kabuuan				



## Tayahin

### Gawain 8: Pagpipilian

**PANUTO:** Basahin at unawain ang mga tanong. Isulat ang pinakatamang sagot sa sagutang papel.


1. Ano ang pangunahing adhikain ng media bilang isang anyo ng Lipunang Sibil?
  - a. Tungkulin nito ang pagsabi ng katotohanan at ang pagtutuwid ng maling impormasyon na maaaring batayan sa pagpapasya ng aksyong gagawin.
  - b. Hindi isinasaalang-alang ang kalagayang panlipunan ng mga kasapi.
  - c. Walang pinipigilan o dinidiktahan sa pagpapahayag ng saloobin.
  - d. Hindi ito nagsusulong ng pampolitikang hangarin ng sino mang nasa Pamahalaan.
  
2. Ano ang pinakamabigat na dahilan kung bakit kailangan nating magpatulong sa iba?
  - a. May mga pangangailangan tayo na hindi natin makakalap o matatamo natin ng mag-isa.
  - b. Isinasaalang-alang ang kalagayang panlipunan ng mga kasapi.
  - c. Walang ibang maaring gumawa nito para sa atin.
  - d. Hindi sapat ang kakayahan ng pamahalaan upang tumugon
  
3. Ano ang pangunahing adhikain ng simbahan bilang isang anyo ng Lipunang Sibil?
  - a. Agarang makatugon sa mga tutuong nangangailangan ng tulong.
  - b. Maiwasang maaksaya ang oras ng taong kasama o kasangkot sa gawain.
  - c. Mailagay sa mas mataas na antas ng kabuluhan ang mga materyal na bagay na ating tinatamasa.
  - d. Lahat ng nabanggit
  
4. Ano ang mahalagang papel na ginagampanan ng lipunang sibil sa isang bansa?
  - a. Isinusulong ang pangkalahatang pag-unlad ng buhay tao
  - b. Pinupunan nito ang pagkukulang ng pamahalaan sa mga tao.
  - c. Katuwang ng pamahalaan sa paghahatid ng serbisyo publiko.
  - d. Lahat ng nabanggit
  
5. Bakit nagkukusa tayong mag-organisa at tugunan ang pangangailangan ng nakararami?
  - a. Walang ibang maaring gumawa nito para sa atin.
  - b. Hindi sapat ang kakayahan ng pamahalaan upang tumugon.
  - c. Sa ganito natin maipapakita ang ating pagkakaisa.
  - d. Ang sama-samang pagkilos ay nagpapagaan sa gawain.

6. Binuo ang Gabriella at nagkaroon sila ng kinatawanan sa Kongreso. Sa kanilang pagsusulong ay naisabatas ang mga sumusunod maliban sa:
- Rape Victims Assistance and Protection act (1998)
  - Anti-Trafficking in Persons Act (2003)
  - Naglathala ng alternatibong pahayagan, at nagsasaliksik sa ugnayang Kristiyano at Muslim.
  - Anti-Violence Against Women and Their Children Act (2004)
7. Sa pamamagitan ng mga lider at iba pang mga kasapi nito, nailalagay natin sa mas mataas na antas ng kabuluhan ang mga material na bagay na ating tinatamasa.
- Simbahan
  - Paaralan
  - Pamilya
  - Mass Media
8. Ito ay tumutukoy sa anumang bagay na nasa pagitan o namamagitan sa nagdala at pinadalhan. Sila ang naghahatid ng balita para sa lahat ng mga mamamayan. Ito ay tinatawag na medium kung marami.
- Media
  - Internet
  - ICT
  - Simbahan
9. Ito ay ang larawan ng lipunang sibil na sumusulong ng adhikain tungo sa kabutihang panlahat maliban sa:



10. Ang Lipunang Sibil ay ang mata ng lipunan. Ang halimbawa ng lipunang sibil ay ang mga sumusunod maliban sa:
- Mass Media
  - Mga Samahan
  - Simbahan
  - Internet Provider

Mahusay! Napagtagumpayan mo nang maisagawa ang mga nakaatang na gawain.



## Karagdagang Gawain

### GAWAIN 9: Poster-rific

**PANUTO:** Gumawa ng isang pagguhit na nasa anyong poster na nagpapakita ng kahalagahan ng mga adhikain ng lipunang sibil, media, at simbahan. Paalala, pumili lamang ng isang uri o konsepto mula sa mga nabanggit o natalakay na adhikain. Gamiting gabay ang rubriks sa paggawa ng Gawain.

<b>RUBRIK PARA SA POSTER</b>			
<b>Pamantayan</b>	<b>Deskripsyon</b>	<b>Puntos</b>	<b>Natamong Puntos</b>
Nilalaman (Content)	Naipakita at naipaliwanag nang mahusay ang isang <i>ideal</i> na adhikain ng lipunang sibil batay sa mga konseptong nakapaloob sa <i>poster</i> .	10	
Kaangkupan ng konsepto (Relevance)	Maliwanag at angkop ang mensahe sa paglalarawan ng konsepto ng isang <i>ideal</i> na adhikain ng lipunang sibil.	10	
Pagkamapanlikha (Originality)	Orihinal ang ideyang ginamit sa paggawa ng <i>poster</i> .	10	
Kabuuang presentasyon (Overall)	Malinis at maayos ang kabuuang larawan.	5	
Pagkamalikhain (Creativity)	Ang mga kulay at konsepto, simbolismong ginamit ay nakatulong nang lubos upang maipahayag ang mensahe at konsepto ng isang <i>ideal</i> na adhikain ng lipunang sibil.	5	
KABUUANG PUNTOS		40	



# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**  
 Gawain 1:  
 1. C  
 2. A  
 3. B  
 4. A  
 5. A  
 6. A  
 7. C  
 8. D  
 9. A  
 10. D

**Balikan**  
 Gawain 2: Comic Strip  
 Note: Maaaring ang guro ang magbigay ng puntos mag-aaral

**Tuklasin**  
 Gawain 3  
 1. 2  
 2. 5  
 3. 4  
 4. 3  
 5. 1

**Tayahin**  
 Gawain 8:  
 1. A  
 2. A  
 3. C  
 4. A  
 5. B  
 6. C  
 7. A  
 8. A  
 9. D  
 10. D

**Surtin**  
 Gawain 4: Tanong Ko, Sagot Mo  
 Note: maaaring ang guro ang magbigay ng puntos sa mag-aaral.

**Pagyananin**  
 Gawain 5.1  
 Note: Maaaring ang guro ang magbigay ng puntos sa mag-aaral.  
 Gawain 5.2 HAVEY O WALEY  
 1. HAVEY 2. WALEY 3. HAVEY 4. HAVEY 5. HAVEY  
 Gawain 5.3 Taos-Puso  
 Ang Ipinang Sibil ay isang uri ng Ipinan na kusang loob na nag-organisa ang ating mga sarili tungo sa sama-samang pagtuwang sa isat-isa.  
 Halimbawa ng Ipinang Sibil  
 1. Media  
 2. Simbahan  
 3. Mga samahan  
 Layunin nitong tugunan ang pangangailangan bilang katwang ng pamahalaan sa pagsasaayos para sa ikabubuti ng Ipinan.  
 Gawain 5.4 Tanong at sagot  
 Note: Maaaring ang guro ang magbigay ng puntos sa mag-aaral.

**Isagawa**  
 Gawain 7: Quiet Time  
 Note: Maaaring ang guro ang magbigay ng puntos ng mag-aaral.

**Isaisip**  
 Gawain 6: Logo...Logo...  
 Note: Maaaring ang guro ang magbigay ng puntos sa mag-aaral

## **Sanggunian**

chrislyn\_orada. "Community NSTP FNL 1." Quizlet. Accessed August 9, 2020.  
<https://quizlet.com/493660274/community-nstp-fnl-1-flash-cards/>

"Edukasyon sa Pagpapakatao Baitang 9 Unang Markahan MODYUL 4: LIPUNANG SIBIL." (modyul 4:6-20) Accessed August 9, 2020.  
[https://www.depednegor.net/uploads/8/3/5/2/8352879/esp\\_9\\_lm\\_draft\\_3\\_31.2014-2.pdf](https://www.depednegor.net/uploads/8/3/5/2/8352879/esp_9_lm_draft_3_31.2014-2.pdf)

Ki. 2020. "Lipunang Sibil: Ano Nga Ba Ang Lipunang Sibil at Mga Halimbawa." Philnews. Accessed August 9, 2020. <https://philnews.ph/2020/03/07/lipunang-sibil-ano-nga-ba-ang-lipunang-sibil-at-mga-halimbawa/>

"LIST: Volunteer Organizations in the Manila Where You Can Join." 2016. Philippine Primer. Accessed August 9, 2020.  
<https://primer.com.ph/business/2016/02/14/list-of-volunteer-organizations-you-can-join-in-ph/>

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)